



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGPAPALABAS: Pebrero 2, 2021
MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Kristine Roselius, 415.519.5419

Pahayag ng Air District ng Bay Area sa mga patakaran sa klima ng administrasyong Biden

SAN FRANCISCO – Pahayag ni Jack Broadbent, ang tagapagpaganap na opisyal ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area), tungkol sa mga patakaran sa klima ng administrasyong Biden:

“Nagsagawa si President Biden ng matatayang pero kinakailangang unang hakbang sa pagtugon sa lumalalang krisis sa klima. Sa pamamagitan ng isang serye ng mga ehekutibong kautusan sa kanyang mga unang araw sa trabaho, nagpahiwatig ang Pangulo na hindi nito tutularan ang mga patakaran ng nakaraang administrasyon kaugnay ng klima. Bilang pagsisimula, sumali ulit ang Estados Unidos sa Paris Climate Accord para matugunan ang isang mahalagang pangako sa panahon ng kampanya ng Pangulo. Kasunod nito ay naglunsad si Biden ng ‘pambuong pamahalaan’ na pamamaraan, kung saan nakatuon ang buong atensyon at kapasidad sa pederal na pamahalaan at pinagsasama-sama ang mga mapanghamong patakaran sa klima sa pamamagitan ng ilang ahensya ng pederal at inisyatiba para matugunan ang pinakamatinding ‘existential na banta sa ating henerasyon.’

Ngayon, dapat gawin ng Kongreso ang bahagi nito sa pagsasabatas sa mapanghamong plano sa klima ng Administrasyong Biden. Bagama't malaki ang gagastusin dito, mas mainam nang gumastos ngayon kaysa pagbayaran ito sa susunod. Naubusan na ng dahilan ang Kongreso, at napuno na ang publiko. Ngayon, malaki ang pagkakataon nating baguhin ang ating direksyon sa kasalukuyan at itaguyod ang malinis na hangin, ekonomiyang gumagamit ng malinis na enerhiya, at katarungan sa kapaligiran na matagal nang pinapangarap ng marami. Kailangan nang umusad ng Kongreso mula sa gridlock at dapat nilang ibigay ang kanilang buong suporta sa mga pagsisikap na ito na para bang dito nakadepende ang ating kinabukasan, dahil malinaw na iyon ang katotohanan.”

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)